



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

22 Hulyo 2024

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 149, s. 2024

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at
Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2024

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon sa pangunguna ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum, bilang pagtugon sa Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997 ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024. Layon nito na ilaan ang buong Buwan ng Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa pagpapalaganap, pagpapahalaga, at pagmamahal sa ating pambansang wika, ang Filipino.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "**Filipino: Wikang Mapagpalaya.**" Nahahati sa limang lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

Petsa	Tema
Unang Linggo 1-2 Agosto	FSL tungo sa Inklusibong Pambansang Kaunlaran
Ikalawang Linggo 5-9 Agosto	Sistematiko at Maka-agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran
Ikatlong Linggo 12-16 Agosto	Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research
Ikaapat na Linggo 19-23 Agosto	Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa
Ikalimang Linggo 26-31 Agosto	Paglaban sa Misinformation (fact checking)



Komplex Pampalakasan ng Balogo,
Balogo, Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163

3. Ang mga paaralan ay inaasahang magsasagawa ng simple at marangal na Seremonya sa Pagtaas ng Watawat sa kani-kaniyang paaralan. Iminumungkahi ang sumusunod na daloy:

- a. Pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas (Lupang Hinirang)
- b. Panalangin
- c. Pagbigkas ng Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas
- d. Pagbigkas ng Panunumpa ng Lingkod Bayan (rebisyon 2021)
- e. Pagbigkas ng Quality Policy
- f. Pagbigkas ng Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd
- g. Pag-awit ng ng Martsa ng Bicol/Martsa
- h. Himno ng Sangay
- i. Iba pang bilang (mula sa kani-kaniyang paaralan)

4. Kaugnay pa nito, sa unang linggo ng pagbubukas ng klase ay iminumungkahing isagawa ang simpleng palatuntunan at ilang patimpalak. Inaasahang hindi ito makasasagabal sa kabuoang daloy ng klase sa paaralan. Sa pagsasagawa nito, mahigpit na itinatagubilin ang mga tuntuning pangkalusugan at pangkaligtasan.

5. Inaasahan din na ang mga kawani sa Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon ay magsasagawa ng nabanggit na daloy ng palatuntunan sa Agosto 5, 2024. Gayundin, hinihiling ang pagsusuot ng Modernong Kasuotang Filipino bilang Pansangay na Seremonya sa Pagtaas ng Watawat sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024.

6. Ang mga gugulin sa gawain sa bawat paaralan na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay manggagaling sa pondong lokal at/o iba pang pondong pampaaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri na naaayon sa mga ipinapatupad na tuntunin at regulasyon ng akawnting.

7. Kalakip ng Memorandum na ito ang nakasalin sa Filipinong Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd at Quality Policy.

8. Para sa inyong kaalaman, patnubay at kaukulang aksiyon.

WILLIAM E. GANDO, CESO VI
Pansangay na Tagapamahihala ng mga Paaralan

Kalakip: *Gaya ng nasasaad*
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

Buwan ng Wika *Pagdiriwang*
Paaralan *Guro* *Mag-aaral*

CID GQT/sav



Kompleks Pampalakasan ng Balogo,
Balogo, Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163

Kalakip 2 sa Pansangay na Memorandum Blg. ____, s. 204

Pahayag ng Patakarang Kalidad ng DepEd

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay matapat na nagkakaloob sa mga mag-aaral ng makalidad na batayang edukasyon na naaabot, inklusibo, at malaya sa pamamagitan ng:

- Masigasig na pamumuno
- Magkatuwang na pamamahala
- Batay sa ebidensiyang mga patakaran, mga pamantayan, at mga programa
- Tumutugon at nauugnay na kurikulum
- Lubos na kahusayan at katapatan ng mga opisyal, guro, at mga kawani
- Kaiga-igayang kapaligiran

Ang Kagawaran ay naninindigan sa pinakamataas na pamantayan ng pag-uugali at pagganap upang matupad ang mga pangangailangan at inaasahan ng mga stakeholder sa pamamagitan ng pagsunod sa mga mandato ng konstitusyon, ayon sa batas at mga kinakailangan sa regulasyon, at pinapanatili ang kasiyahan ng kliyente sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti ng Sistema sa Pamamahala ng Kalidad.

BISYON

Pangarap natin ang mga Pilipinong masidhing nagmamahal sa kanilang bansa may pagpapahalaga at kasanayang nagagamit sa pagtamo ng kanilang ganap na kakayahan at makabuluhang nag-aambag sa pagtataguyod ng bayan.

Bilang institusyong publiko nakatuon sa mga mag-aaral, ang Kagawaran ng Edukasyon ay patuloy sa pagpapaunlad ng sarili upang higit na mapaglingkuran ang mga stakeholder nitó.

MISYON

Pangalagaan at itaguyod ang karapatan ng bawat Pilipino sa makalidad, pantay-pantay, makakultura, buo at ganap na batayang edukasyon kung saan:

Matututo ang mga mag-aaral sa kapaligirang naaangkop sa bata, sensitibo sa kasarian, ligtas, at nakahihikayat;

Tagapagpadaloy ang guro sa pagkatuto at patuloy na paghubog sa bawat mag-aaral;



Kompleks Pampalakasan ng Balogo,
Balogo, Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph



CIP 5461/21/05/1163

Copyright © 2013 by the author(s). All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted, in any form or by any means, electronic, mechanical, photocopying, recording, or by any information storage and retrieval system, without the prior written permission of the publisher.

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted, in any form or by any means, electronic, mechanical, photocopying, recording, or by any information storage and retrieval system, without the prior written permission of the publisher.

Pangangalagan

- Maka (1)pin
- Makata
- Makakalikasan
- Makabansa



Kompleks Pangangalagan ng DepEd
Batangas, Batangas City, Batangas, P.A.
Lungsod ng Batangas
Batangas, Batangas City, Batangas, P.A.



OP 5401/21/05/1143